



Type 2 diabetes at ang papel ng GLP-1

Maraming parte ng iyong katawan ang nakakaambag sa kalagayan ng iyong diabetes.


Ano ang GLP-1?

Ang GLP-1 ay ang pinaikli na glucagon-like peptide-1, isang hormone na likas na nagagawa sa katawan. Kapag kumakain tayo, tumataas ang ating glucose sa dugo (asukal sa dugo). Gumagana ang GLP-1 sa organo sa iyong katawan na tinatawag na lapay (pancreas) upang magpalabas ng insulin para mapanatiling balanse ang glucose sa katawan. Kung ikaw ay may type 2 diabetes, maaaring hindi maayos ang pagresponde ng iyong katawan sa GLP-1. Kapag hindi mailabas sa tamang pagkakataon ang iyong insulin o sa tamang dami, maaaring maging napakataas ang glucose sa iyong dugo.

Ang iba't ibang parte ng katawan ay maaaring makaambag sa paglala ng type 2 diabetes

Sa mga taong may type 2 diabetes, may ilang parte ng katawan na maaaring makaapekto sa mga antas ng glucose sa dugo. Ang mga parte ng katawan na ito, kasama ang GLP-1, insulin, at iba pang mga hormone, ay nagtutulungan para matulungan kang pangasiwaan ang glucose sa iyong dugo. Kapag hindi maayos na gumagana ang isang parte, maaaring maapektuhan ang iba.

Tingnan natin nang mas mabuti ang mga parte ng katawan para mas maunawaan kung ano ang nangyayari sa katawan ng isang taong may type 2 diabetes.



1 Ang lapay (pancreas)



Ang lapay ang parte ng katawan kung saan nagagawa ang insulin. Tumutulong ang insulin sa pagkontrol ng glucose sa dugo sa pamamagitan ng paglipat sa glucose mula sa daluyan ng dugo tungo sa mga selyula ng katawan para sa enerhiya. Gumagawa rin ang lapay ng hormone glucagon. Sinasabi ng glucagon sa atay na maglabas ng glucose papunta sa dugo para makatulong sa pagbalanse ng glucose sa dugo. Sa type 2 diabetes, ang lapay ay naglalabas ng mas kaunting insulin at mas maraming glucagon na maaaring makaambag sa mas mataas na glucose ng dugo.

2 Ang atay



Kung mayroon kang type 2 diabetes, ang iyong lapay ay maaaring maglabas ng masyadong maraming glucagon. Ito, bilang resulta, ay nagdudulot sa atay na maglalabas ng mas maraming glucose, na humahantong sa mas mataas na mga antas ng glucose sa dugo.

3 Ang gut



Ang gut ay binubuo ng mga organ na tulad ng iyong tiyan at mga bituka. Kapag kumakain ka, ang mga hormone ng gut na tulad ng GLP-1 at GIP (gastric inhibitory peptide) ay inilalabas para makatulong sa katawan sa paggamit ng glucose mula sa pagkain pati na rin ang pagpigil sa iyong katawan sa paggawa ng mas maraming glucose. Sa type 2 diabetes, may bumabang aktibidad ng GLP-1 at paglaban sa pagkilos ng GIP sa katawan. Nagdudulot ito ng mas kaunting insulin at pagtaas ng glucose sa dugo.

Kapag nauunawaan mo kung paano nagtutulungan ang mga parte ng katawan, mayroon kang mas kumpletong larawan na makakatulong sa iyo sa pagkontrol sa glucose sa iyong dugo. Kung mayroon kang anumang tanong, tiyakin na tanungin ang iyong doktor.



Type 2 diabetes at ang papel ng GLP-1

Mga paggamot na kumikilos tulad ng GLP-1 sa iyong katawan

May mga opsyon sa paggamot na gumagana upang makatulong na matugunan kung paano tumugon ang katawan sa type 2 na dyabetis. Ang isang opsyon sa paggamot ay isang GLP-1 receptor agonist (RA) na ginagaya ang pagkilos ng GLP-1 sa katawan.

Tanungin ang iyong diabetes care team kung naaangkop ang paggamot na GLP-1 RA para sa iyo. Kung oo, tiyakin na makipag-usap sa iyong team tungkol sa anumang mga tanong o alalahanin na mayroon ka.

Mga tanong para sa iyong team

Sa espasyo sa ibaba, isulat ang anumang mga tanong na gusto mong itanong sa iyong diabetes care team. Isulat din ang mga sagot.



Bumisita sa www.NovoCare.com para sa karagdagang mga resource at nakakatulong na impormasyon! Itapat ang iyong smartphone camera sa QR code para sa mabilis na pag-access sa website sa iyong telepono.



Nagbibigay ng pahintulot ang Novo Nordisk Inc. na kopyahin ang dokumentong ito para sa mga layunin lamang na pang-edukasyon na hindi para kumita sa kondisyon na mapanatili ang dokumento sa orihinal nitong format at maipakita ang abiso sa karapatan sa kopya. Inilalaan ng Novo Nordisk Inc. ang karapatan na bawiin ang pahintulot na ito sa anumang oras.

Ang NovoCare® ay isang nakarehistrong marka ng kalakal ng Novo Nordisk A/S.

Ang Novo Nordisk ay isang rehistradong marka ng kalakal ng Novo Nordisk A/S.

© 2024 Novo Nordisk Inilimbag sa U.S.A. US24PAT00028 Nobyembre 2024

www.NovoCare.com

